BAKUNA LABAN SA COVID-19

ALAMIN ANG MGA KATOTOHANAN

ANG MGA BAKUNA AY LIBRE PARA SA LAHAT.

Pero siguraduhin at tanungin kung may anumang iba pang mga gastos kapag nagpabakuna.

- Walang maaaring tanggihan ng akuna kung hindi nila kayang bayaran ang isang administration fee para sa bakuna.
- Sa sandaling ang mga bakuna ay lubos nang available, sinuman ay maaaring magpabakuna anuman ang kanilang status sa immigration.
- Mababakunahan ang lahat kapag oras na nila.

Ang bakuna ay magbibigay proteksyon sa inyo para hindi magkaroon ng COVID-19.

- Kung magkaroon pa rin kayo ng COVID-19 pagkatapos ninyong mabakunahan, ang bakuna ay poprotekta sa inyo mula sa malubhang pagkakasakit.
- Kahit na nagkaroon na kayo ng COVID-19, kailangan pa rin ninyong magpabakuna.
- Hindi pa alam kung gaano katagal protektado ang isang tao para hindi magkasakit muli ng COVID-19.

Ang bakuna laban sa COVID-19 ay ligtas at mabisa. Ang bakuna ay HINDI magbibigay ng sakit na COVID-19.

- Mas ligtas na magpabakuna kaysa makakuha ng COVID-19.
- Milyon-milyong katao ang ligtas na nabakunahan na.
- Walang ibang bakuna ang sinuri ng ganito karaming beses sa kasaysayan ng Estados Unidos, para siguraduhin ang kaligtasan nito.
- Ang bakuna ay napatunayang ligtas para sa libo-libong mga tao, kasama na iyong iba ang lahi, etnisidad at edad.
- Ang COVID-19 na bakuna ay hindi nagbabago sa inyong DNA.

NRC-RIM
National Resource Center for Refugees, Immigrants, and Migrants

Para sa karagdagang impormasyon: cdc.gov/coronavirus

NORMAL LANG ANG MGA SIDE EFFECT.

Ang mga side effect ay HINDI nangangahulugan na mayroon kayong COVID-19.

- Ang mga side effect ay nangangahulugan na tinuturuan ng bakuna ang katawan kung paano dapat labanan ang COVID-19.
- Maaaring kasama sa mga side effect ang:
  - Pananakit o pamamaga sa inyong braso kung saan kayo binakunahan.
  - Sakit ng ulo, panginginig, o lagnat.
- Kung hindi maganda ang pakiramdam ninyo, maaaring kailangan ninyong magpahinga mula sa trabaho hangga't maayos na ang kalagayan ninyo.
- Kailangan ninyong manatili ng 15-30 minuto makalipas kayong mabakunahan para matiyak na hindi kayo allergic dito.

Walang katibayan na ang mga bakuna ay nagdudulot ng mga problemang magkaanak.

Dapat kausapin ng mga buntis ang kanilang doktor kung dapat silang magpabakuna.

Ang ilang mga bakuna ay nangangailangan ng 2 iniksyon habang ang iba naman ay iisa lang ang kailangan. Ang parehong uri ng mga bakuna ay ligtas at mabisa.

Para sa bakuna na kailangan ng **dalawang** iniksyon:

- Ang unang iniksyon ay naghahanda sa inyong katawan.
- Ang ikalawang iniksyon ay ibinibigay sa loob ng ilang linggo para matiyak na ganap ang inyong proteksyon.
- Mahalagang kunin ninyo ang parehong iniksyon para maging ganap na protektado.

Ang mga bakuna ay HINDI naglalaman ng

- Preservatives
- Mga itlog
- Mga produktong galing sa baboy
- Gelatin
- Latex
- Anumang buhay na COVID-19 virus

MANATILING LIGTAS MAKALIPAS NA MABAKUNAHAN.

Sa ngayon, hindi alam ng mga eksperto kung gaano katagal kayo mapoprotektahan ng bakuna. Kahit na nakapagbakuna na, patuloy na:

Magsuot ng mask.

Ugaliin ang social distancing

Hugasan ng madalas ang inyong mga kamay.

I-disinfect nang madalas ang mga malimit na nahahawakang mga lugar.

NRC-RIM
National Resource Center for Refugees, Immigrants, and Migrants

Para sa karagdagang impormasyon: cdc.gov/coronavirus